# 1 Paghahanap ng trabaho

## 1-2 Pagkonsulta tungkol sa trabaho, Paghingi ng payo sa maaaring mapasukang trabaho

**(1) Koukyou Shokugyou Anteijo (Hello Work)**

Isang sangay ng pamahalaang Hapon na nagdaraos ng mga libreang pagkonsulta at paghingi ng payo tunkol sa trabaho. Maaaring makita sa Internet ang mga trabahong maaari ninyong pasukan dahil may online system ang Hello Work. Dagdag dito, mayroon ding nagaganap na konsultasyon tungkol sa pagtatrabaho ng part-time.

Para sa mga marunong magsalita ng wikang Hapon, mainam na dumiretso sa pinakamalapit sa inyong Hello Work. Maaari ring makipagkonsulta sa Hello Work ang mga hindi marunong magsalita ng wikang Hapon, subalit mainam na tumawag muna at kumpirmahin sa Hello Work.

Siguraduhin dalhin ang inyong pasaporte ang alien registration card tuwing magpaparehistro sa paghahanap ng trabaho dahil kukumpirmahin ang uri ng inyong visa at ang panahon ng inyong pananatili sa Japan.

May mga Hello Work na maaaring makapaghanda ng tagapagsalin-wika.

Listahan para sa mga dayuhan: http://www.mhlw.go.jp/bunya/koyou/naitei/dl/nihong1.pdf

| | Mga dadalhing dokumento |
|---|---|
| **Kung nais magtrabaho ng part-time (mag-arubaito) ng mga taong may visa na "College Student" (ryuugaku) o "Precollege Student" (shuugakusei) o "Dependent" (kazoku taizai)** | 1 Alien registration card<br>2 Passport<br>3 Pahintulot para sa mga gawaing hindi sakop sa ipinagkaloob na visa (tingnan ang A Uri ng Visa (Staus of Residence) 2-6 Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa) |
| **Kung nais magtrabaho ng mga may visa na "Designated Activities" (tulad ng Working Holiday)** | 1 Alien registration certificate<br>2 Pasaporte<br>3 Letter of designation na ipinagkaloob ng Minister of Justice |
| **Kung nais makipagkonsulta ng estudyante sa kolehiyo tungkol sa maaaring pasukang trabaho pagkatapos ng kanyang kurso** | 1 Alien registration card<br>2 Pasaporte<br>3 Student ID |

*Hinalaw mula sa: Go-riyou Gaido (Gabay sa Paggamit) ng Shinjuku Employment Assistance and Instruction Center for Foreigners*

*[Ryuugakusei e no Annai: Kyuushoku Touroku no Houhou] (Gabay para sa mga dayuhang mag-aaral: Paraan upang maparehistro sa paghahanap ng mapapasukan) ng Tokyo Employment Service Center for Foreigners*